ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# KONTEKSTWALISADONG MODYUL SA PANITIKAN: PAGLINANG NG KASANAYAN SA PAG-UNAWA BATAY SA PISA FRAMEWORK

**Ailyn N. Rances[1], Medelyn M. Montenegro[2]**
*[1]Clarence Ty Pimentel National High School, Tago*
*[2]North Eastern Mindanao State University, Tandag City*

***Corresponding Author:*** *Ailyn N. Rances*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra28316
**DOI No: 10.36713/epra28316**

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong bumuo at magsuri ng isang kontekstwalisadong modyul sa Panitikan batay sa PISA Framework upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pag-unawa, pagsusuri, interpretasyon, at kritikal na pagninilay. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibo-analitikal na disenyo na may halo-halong pamamaraan o mixed-methods approach. Kabilang sa mga respondente ang 208 mag-aaral, limang guro, at limang eksperto mula sa Clarence Ty Pimentel National High School, Gamut National High School, at Purisima National High School sa Distrito ng Tago, Surigao del Sur. Ginamit ang talatanungan, bukas na tanong, weighted mean, thematic at narrative analysis, at Spearman Rank-Order Correlation upang masukat ang kalidad, pagtanggap, at kaugnayan ng pagtataya sa modyul.*

*Lumabas sa resulta na ang modyul ay lubos na mabisa sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa, na may kabuuang weighted mean na 4.46. Mataas din ang pagkakaayon nito sa PISA Framework, lalo na sa nilalaman, kontekstuwalisasyon, proseso ng pagbasa, antas ng kognitibong kasanayan, at pagtataya. Ipinakita rin ng pagsusuri na may makabuluhan at napakataas na positibong kaugnayan sa pagtataya ng mga guro at mag-aaral sa wika, nilalaman, at disenyo ng modyul. Bagama't positibo ang kabuuang pagtanggap, lumitaw pa rin ang pangangailangang linawin ang ilang panuto, dagdagan ang halimbawa, at paunlarin ang disenyo ng materyal. Sa kabuuan, napatunayan na ang kontekstwalisadong modyul ay isang makabuluhan, angkop, at learner-centered na kagamitang pampagtuturo sa Filipino 10.*

**MGA SUSING SALITA***: Kontekstwalisadong Modyul, Panitikan, PISA Framework, Pag-unawa sa Binasa, Filipino 10, Kagamitang Pampagtuturo*

## INTRODUKSIYON

Mahalaga ang edukasyon sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa, mag-isip nang kritikal, at gamitin ang kanilang kaalaman sa tunay na buhay. Gayunman, ipinapakita ng resulta ng PISA na nananatiling hamon sa Pilipinas ang mababang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Sa lokal na konteksto, higit na kailangan ang mga kagamitang panturo na malapit sa wika, kultura, at karanasan ng mga mag-aaral upang maging mas makabuluhan ang pagkatuto.

Kaugnay nito, mahalaga ang pagbuo ng Kontekstwalisadong Modyul sa Panitikan batay sa PISA Framework. Sa tatlong paaralan sa Distrito ng Tago, mataas ang bilang ng mga mag-aaral na nasa frustration level sa pagbasa: 70% sa Clarence Ty Pimentel National High School, 75% sa Gamut National High School, at 77% sa Purisima National High School. Ipinakikita nito ang pangangailangang magkaroon ng mas angkop at sistematikong kagamitang makatutulong sa paglinang ng pag-unawa, interpretasyon, at kritikal na pagninilay ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makabuo at ng kontekstwalisadong modyul sa Panitikan na nakabatay sa *PISA Framework* na may layuning linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, interpretasyon, at kritikal na pagninilay sa teksto. Bukod dito, layon din ng pag-aaral na masuri ang balidasyon, pagtanggap, at pananaw ng mga guro at mag-aaral sa nabuong modyul upang matukoy ang bisa nito sa pagtuturo at pagkatuto ng Panitikan.

Sinikap ding sagutin sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang nakapaloob sa kontekstwalisadong modyul sa panitikan batay sa PISA Framework?
2. Ano ang antas ng balidasyon ng kontekwalisadong modyul sa panitikan batay sa PISA Framework sa;
   2.1 wika
   2.2 nilalaman, at
   2.3 disenyo
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa nabuong kontekstwalisadong modyul sa panitikan batay sa PISA Framewok ayon sa;
   3.1 wika
   3.2 nilalaman at;
   3.3 disenyo
4. Ano ang pananaw ng mga guro at mag-aaral sa kontekstwalisadong modyul na nabuo?
5. Ano ang makabuluhang kaugnayan sa pagtataya ng mga guro at mag-aaral sa kontekstwalisadong modyul batay sa wika, nilalaman, at disenyo?

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 6| June 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

6. Ano ng pinagyamang kontekstwalisadong modyul sa panitikan batay sa PISA framework ang mabubuo batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

## METODOLOHIYA

Ginamit Sa Pag-aaral ang deskriptibo-analitikal na disenyo na may mixed-methods approach upang masuri ang pagbuo, balidasyon, pagtanggap, at bisa ng kontekstuwalisadong modyul sa Panitikan batay sa PISA Framework. Binuo ang modyul gamit ang ADDIE Model: *Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation.* Gumamit din ng talatanungan at gabay sa panayam upang makalap ang kwantitatibo at kwalitatibong datos.

## PAMAMARAAN SA PAGPILI NG KALAHOK

Ginamit ang *purposive sampling* sa pagpili ng mga respondente. Kabilang dito ang mga guro sa Filipino 10 at mga mag-aaral mula sa tatlong piling pampublikong paaralan. Mula sa kabuuang populasyon na 450 mag-aaral, nakuha ang 208 *sample respondents* gamit ang *Raosoft Sample Size Calculator* sa *95% confidence level*, *±5% margin of error*, at *50% response distribution.*

## PAMAMARAAN NG PAGSUSURI NG DATOS

Ginamit ang *weighted mean at standard deviation* upang masukat ang antas ng balidasyon at pagtanggap ng modyul batay sa wika, nilalaman, at disenyo. Para sa ugnayan ng pagtataya ng guro at mag-aaral, ginamit ang *Spearman Rank-Order Correlation Coefficient*. Samantala, ang mga bukas na sagot mula sa panayam ay sinuri gamit ang *thematic analysis* at ipinaliwanag sa pamamagitan ng *narrative analysis.*

## LUGAR NG PANANALIKSIK

Isinagawa ang pag-aaral sa Distrito ng Tago, Sangay ng Surigao del Sur, partikular sa *Clarence Ty Pimentel National High School, Purisima National High School, at Gamut National High School*. Ang mga paaralang ito ay pinili dahil kinakatawan nila ang mga pampublikong paaralan sa probinsya at may kaugnayan sa pagpapatupad ng mga inobasyon sa pagtuturo ng Panitikan.

## RESULTA

***Ang Nakapaloob sa Kontekstwalisadong Modyul sa Panitikan Batay sa PISA Framework***

Ang kontekstwalisadong modyul sa Panitikan batay sa PISA Framework ay naglalaman ng mga aralin mula sa El Filibusterismo na iniugnay sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral. Nakatuon ito sa pag-unawa, pagsusuri, pagninilay, at paggamit ng nabasang teksto sa pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng mga gawain, tanong, larawan, komiks, at sitwasyong makabuluhan sa kasalukuyan, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral na bumasa nang mapanuri, magpahayag ng sariling pananaw, at iugnay ang panitikan sa mga isyung panlipunan tulad ng edukasyon, karapatan, kasarian, katarungan, at pananagutan.

***Ang Antas ng Balidasyon ng mga Eksperto sa Kontekwalisadong Modyul sa Panitikan Batay sa PISA Framework sa Wika, Nilalaman, at Disenyo***

Batay sa resulta ng balidasyon ng mga eksperto, ang kontekstwalisadong modyul sa Panitikan batay sa PISA Framework ay nakakuha ng kabuuang mean na 3.76 at may berbal na interpretasyong Mataas. Ipinapakita nito na ang modyul ay angkop at may mahusay na kalidad sa aspeto ng wika, nilalaman, at disenyo.

Sa aspeto ng wika, nakakuha ito ng mean na 3.70, na nangangahulugang malinaw, maayos, at angkop ang pagkakagamit ng mga salita at daloy ng ideya. Sa nilalaman, nagtamo ito ng mean na 3.78, na nagpapakita na ang mga aralin at gawain ay nakaayon sa PISA Framework at nakatutulong sa paglinang ng pag-unawa at pagsusuri ng mga mag-aaral. Samantala, sa disenyo, nakakuha ang modyul ng mean na 3.80, na nagpapahiwatig na ito ay kaaya-aya, madaling basahin, at angkop sa karanasan at kultura ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng resulta na ang modyul ay maaaring gamitin bilang mabisang kagamitang pampagkatuto sa Panitikan. Gayunman, maaari pa itong pagyamanin sa ilang bahagi tulad ng bokabularyo, espasyo ng teksto, kapsyon, at ilustrasyon upang mas maging malinaw at madaling gamitin ng mga mag-aaral.

***Ang Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa Nabuong Kontekwalisadong Modyul sa Panitikan Batay sa PISA Framework sa Wika, Nilalaman, at Disenyo***

Batay sa nakuhang datos, ang nabuong kontekstwalisadong modyul sa Panitikan batay sa PISA Framework ay tinanggap ng mga guro bilang katanggap-tanggap, na may kabuuang mean na 3.77 at SD na 0.37. Sa tatlong aspekto, pinakamataas ang wika na may mean na 3.96, kasunod ang nilalaman na may mean na 3.88, at disenyo na may mean na 3.46.

Ipinapakita ng resulta na malinaw at angkop ang wikang ginamit sa modyul, kapaki-pakinabang ang nilalaman sa pagtuturo at pagkatuto, at katanggap-tanggap ang disenyo para sa mga mag-aaral. Gayunman, lumitaw na maaari pang paunlarin ang ilang bahagi, lalo na ang layout, biswal na elemento, espasyo ng teksto, at ilang paliwanag upang mas maging madaling gamitin at mas epektibo ang modyul.

***Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Nabuong Kontekwalisadong Modyul sa Panitikan Batay sa PISA Framework sa Wika, Nilalaman, at Disenyo***

Ayon sa nakuhang datos, tinanggap ng mga mag-aaral ang nabuong kontekstwalisadong modyul sa Panitikan batay sa PISA Framework bilang katanggap-tanggap, na may kabuuang mean na 3.76 at SD na 0.32. Pinakamataas ang pagtataya sa aspeto ng wika na may mean na 3.94, kasunod ang nilalaman na may mean na 3.85, at disenyo na may mean na 3.50.

Ipinapahiwatig nito na malinaw ang wikang ginamit, kapaki-pakinabang ang nilalaman, at nagagamit nang maayos ang modyul sa pagkatuto. Gayunman, ang disenyo ang higit na kailangang pagyamanin, lalo na sa pagkakalimbag, layout, at biswal na presentasyon upang mas maging kaaya-aya at madaling gamitin ng mga mag-aaral.

***Tematikong Pagsusuri Sa Pananaw Ng Mga Guro Sa Kontekstwalisadong Modyul Na Nabuo***

Batay sa tematikong pagsusuri, naging positibo ang pananaw ng mga guro sa nabuong kontekstwalisadong modyul sa Panitikan. Para sa kanila, nakatulong ang modyul upang maging mas malinaw, maayos, at organisado ang pagtuturo. Mas napukaw rin nito ang interes at pakikilahok ng mga mag-

aaral dahil ang mga aralin ay konektado sa kanilang karanasan at sa tunay na buhay.

Nakita rin ng mga guro na maayos ang daloy ng modyul at angkop ito sa kakayahan ng karamihan sa mga mag-aaral. Gayunman, iminungkahi nilang pagyamanin pa ang ilang bahagi, tulad ng pagdaragdag ng halimbawa, paglilinaw ng ilang paliwanag, pagpapasimple ng mahahabang teksto, at pagpapaganda ng disenyo upang mas madali itong magamit at maunawaan.

***Tematikong Pagsusuri Sa Pananaw Ng Mga Mag-aaral Sa Kontekstwalisadong Modyul Na Nabuo***

Ayon sa pagsusuri, positibo ang pananaw ng mga mag-aaral sa kontekstwalisadong modyul sa Panitikan. Nakatulong ito upang mas madali nilang maunawaan ang mga aralin dahil malinaw ang mga paliwanag, panuto, at gawaing nakapaloob dito. Nakita rin nila na ang nilalaman ay makabuluhan, akma sa kanilang kakayahan, at may kaugnayan sa kanilang mga karanasan sa tunay na buhay.

Bukod dito, naging mas kawili-wili at nakakaengganyo ang pag-aaral dahil sa mga gawain at pagsasanay na nakatulong sa pagpapalalim ng kanilang pag-unawa. Gayunman, iminungkahi ng ilang mag-aaral na dagdagan pa ang mga halimbawa, paliwanag, at gabay sa ilang bahagi upang mas maging malinaw at mas madaling gamitin ang modyul.

***Makabuluhang kaugnayan sa pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa kontekstwalisadong modyul batay sa wika, nilalaman, at disenyo***

| Aspeto | Spearman rho | p-value | Interpretation |
|---|---|---|---|
| Wika | 0.94 | < 0.01 | May Makabuluhang Napakataas na Positibong Kaugnayan |
| Nilalaman | 0.91 | < 0.01 | May Makabuluhang Napakataas na Positibong Kaugnayan |
| Disenyo | 0.97 | < 0.01 | May Makabuluhang Napakataas na Positibong Kaugnayan |

Batay sa datos, may makabuluhan at napakataas na positibong kaugnayan ang pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa modyul batay sa wika (rho = 0.94), nilalaman (rho = 0.91), at disenyo (rho = 0.97), na pawang may p-value na < 0.01.

Nangangahulugan ito na magkatugma ang pananaw ng mga guro at mag-aaral sa kalidad at kaangkupan ng modyul. Sa kabuuan, pinatutunayan ng resulta na ang kontekstwalisadong modyul ay positibong tinanggap at angkop gamitin bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino.

## REKOMENDASYON

Bilang tugon sa mga natuklasan ng pag-aaral, buong paggalang na inirerekomenda ng mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Maglunsad ng tuluy-tuloy na mga pagsasanay para sa mga guro hinggil sa pagbuo at paggamit ng kontekstuwalisadong modyul na nakaangkla sa PISA Framework upang malinang ang kanilang kakayahan sa pagdidisenyo ng mga araling nakatuon sa pag-unawa, interpretasyon at kritikal na pag-iisip.
2. Isagawa ang sistematikong pagbuo at patuloy na rebisyon ng modyul na naaayon sa PISA Framework, lalo na sa integrasyon ng mga gawain na humahamon sa mas mataas na antas ng kognitibong kasanayan ng mga mag-aaral.
3. Tiyakin na ang nilalaman ng modyul ay kontekstuwalisado at nakaugnay sa tunay na karanasan ng mga mag-aaral, upang maging mas makabuluhan at epektibo ang pagkatuto batay sa mga pamantayan ng PISA Framework.
4. Paigtingin ang paggamit ng kontekstwalisadong modyul sa pagkatuto na nakabatay sa PISA Framework at nagtataguyod ng kolaboratibo at interaktibong mga gawain. Sa ganitong paraan, higit na mahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, pagkamalikhain, pag-unawa, at mas mataas na antas ng pag-iisip na mahalaga sa pagharap sa mga hamon ng makabagong panahon.
5. Iminumungkahi rin ang mas aktibong paggamit ng kontekstwalisadong modyul sa panitikan sa Filipino 10 bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo. Maaari itong pagbatayan sa paggawa ng mga interaktibong aktibidad at posibleng isama sa mga digital na plataporma upang maisulong ang malikhain at masining na pagkatuto sa asignatura.
6. Hikayatin ang mga susunod na mananaliksik na magsagawa ng mas malawak na pag-aaral hinggil sa pagbuo at implementasyon ng mga modyul na nakaangkla sa PISA Framework upang higit pang mapagtibay ang bisa nito sa iba't ibang konteksto ng pagkatuto.

## KONGKLUSYON

Batay sa kabuuang resulta, napatunayan na ang kontekstuwalisadong modyul sa Panitikan batay sa PISA Framework ay mabisa, angkop, at kapaki-pakinabang na kagamitang pampagkatuto. Nakatutulong ito sa paglinang ng pagbasa, pag-unawa, pagsusuri, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Ipinakita rin ng mga guro at mag-aaral ang positibong pagtanggap sa modyul dahil malinaw ang wika, makabuluhan ang nilalaman, at maayos ang pagkakabuo nito. Gayunman, maaari pa itong pagyamanin sa disenyo, halimbawa, at ilang paliwanag upang mas maging madaling gamitin at mas epektibo sa pagtuturo at pagkatuto.

## SANGGUNIAN

1. *Afflerbach, P., Cho, B. Y., & Kim, J. Y. (2023). Reading literacy and comprehension in the digital age. Reading Research Quarterly, 58(2), 145–162. https://doi.org/10.1002/rrq.000*
2. *Aldoobie, N. (2023). ADDIE model. American International Journal of Contemporary Research, 5(6), 68–72.*
3. *Alfredo, R., Santos, M., & Cruz, J. (2023). Situated learning and contextualized instruction in developing meaningful learning experiences. International Journal of Educational Research and Innovation, 18(2), 45–58.*
4. *Almulla, M. A. (2023). Constructivism learning theory: A paradigm for students' critical thinking, creativity, and*

*problem-solving to affect academic performance in higher education. Cogent Education, 10(1), Article 2172929. https://doi.org/10.1080/2331186X.2023.2172929*

5. *Anderson, L. W., & Krathwohl, D. R. (2001). A taxonomy for learning, teaching, and assessing: A revision of Bloom's taxonomy of educational objectives. Longman.*
6. *Batdı, V. (2023). Effectiveness of the constructivist approach to learning: A mixed-meta method study. Education and Science, 48(213), 1–25.*
7. *Biggs, J. B., & Collis, K. F. (1982). Evaluating the quality of learning: The SOLO taxonomy (Structure of the Observed Learning Outcome). Academic Press.*
8. *Cruz, L. M. (2023). Active learning strategies in contextualized literature modules. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 11(2), 88–101.*
9. *Da Costa, R., & Arias, J. (2023). Application of revised Bloom's taxonomy in educational assessment and curriculum development. Journal of Educational Development and Practice, 12(1), 33–47.*
10. *Delos Santos, M. R. (2024). Developing higher-order thinking skills through PISA-aligned learning materials. Asian Journal of Educational Research, 12(1), 78–94.*
11. *Department of Education. (2016). DepEd Order No. 35, s. 2016: The Learning Action Cell (LAC) as a K to 12 basic education program school-based continuing professional development strategy for the improvement of teaching and learning. Department of Education.*
12. *Department of Education. (2016). DepEd Order No. 42, s. 2016: Policy guidelines on daily lesson preparation for the K to 12 basic education program. Department of Education.*
13. *Department of Education. (2019). DepEd Order No. 21, s. 2019: Policy guidelines on the K to 12 basic education program. Department of Education.*
14. *Department of Education. (2023). MATATAG curriculum: Bansang makabata, batang makabansa. Department of Education.*
15. *Garcia, R. L. (2022). Kontekstwal na pagkatuto sa panitikan: Pagbuo ng modyul batay sa lokal na kultura at karanasan [Hindi nalathalang tesis masteral]. Pangalan ng Pamantasan.*
16. *Lave, J., & Wenger, E. (1991). Situated learning: Legitimate peripheral participation. Cambridge University Press.*
17. *Mathew, M. R., & Singh, S. (2023). The relationship between parents' literacy beliefs and practices and children's responses to literature. Journal of Indian Education, 49(2), 78–92.*
18. *Mendoza, P. R. (2022). Enhancing reading comprehension through context-based literature modules. Journal of Educational and Human Resource Development, 10(1), 56–71.*
19. *Mullis, I. V. S., Martin, M. O., Foy, P., Kelly, D. L., & Fishbein, B. (2023). PIRLS 2021 international results in reading. TIMSS & PIRLS International Study Center, Boston College. https://pirls2021.org/results*
20. *Navarro, A. V. (2023). Structured reading activities and comprehension development in Filipino literature classes. International Journal of Literacy Studies, 8(3), 112–128.*
21. *Nisphi, S., Alwi, N. A., & Oktarina, S. (2023). PISA-like questions on news items: A novel approach to reading literacy. International Journal of Evaluation and Research in Education, 12(3), 1456–1464. https://doi.org/10.11591/ijere.v12i3.00000*
22. *Organisation for Economic Co-operation and Development. (2023). PISA 2022 assessment and analytical framework. OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/dfe0bf9c-en*
23. *Organisation for Economic Co-operation and Development. (2023). PISA 2022 results (Volume I): The state of learning and equity in education. OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/53f23881-en*
24. *Organisation for Economic Co-operation and Development. (2024). PISA 2022 results (Volume II): Learning during and from disruption. OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/a97db61c-en*
25. *Park, S., & Kim, H. (2023). Instructional practices and students' reading performance: A comparative study of ten top-performing regions in PISA 2018. International Journal of Educational Development, 98, 102734. https://doi.org/10.1016/j.ijedudev.2023.102734*
26. *Piaget, J. (1952). The origins of intelligence in children. International Universities Press.*
27. *Rahman, M. A., & Abdullah, N. (2024). Context-based reading instruction and literacy development among secondary school learners. International Journal of Instruction, 17(1), 321–338. https://doi.org/10.29333/iji.2024.17118a*
28. *Ramos, J. P. (2025). Contextualized literature modules and reading comprehension among secondary learners. Philippine Journal of Language and Education, 15(2), 45–60.*
29. *Reyes, M. A. (2023). Paglinang ng kasanayan sa pag-unawa sa panitikan gamit ang PISA framework [Hindi nalathalang tesis masteral]. Pangalan ng Pamantasan.*
30. *Reyes, M. A., & Bautista, J. R. (2025). Integration of PISA framework in contextualized literature modules. Philippine Journal of Education, 102(1), 45–60.*
31. *Rosenblatt, L. M. (1978). The reader, the text, the poem: The transactional theory of the literary work. Southern Illinois University Press.*
32. *Santos, J. P. (2024). Kontekstwal na modyul sa panitikan: Pagtuturo at paglinang ng kasanayan sa pag-unawa ng teksto [Hindi nalathalang tesis masteral]. Pangalan ng Pamantasan.*
33. *Snow, C. E., Goldman, S. R., & Sweet, A. P. (2024). Reading for understanding: Toward an R&D program in reading comprehension. RAND Corporation.*
34. *Suryanda, A., Ernawati, E., & Wulandari, N. (2023). Learners' ecoliteracy profile based on SOLO taxonomy. BIODIK: Jurnal Ilmiah Pendidikan Biologi, 9(3), 1–12.*
35. *Torres, A. B. (2025). Metacognitive strategies sa kontekstwal na modyul sa panitikan [Hindi nalathalang disertasyon doktoral]. Pangalan ng Pamantasan.*
36. *Torres, L. G. (2025). Reflective learning tasks and metacognitive awareness in literature instruction. Journal of Educational Innovation, 14(1), 33–49.*
37. *Torres, V. (2023). PISA-like tasks in Filipino and English literature: Effects on cultural understanding and interpretive reasoning. Philippine Educational Review, 10(2), 88–107.*